Institute of Political Economy

Agosto 2003

Praymer sa WTO

WALANG TIGIL NA OPRESYON

Ang kalakalang panlabas ay isang mahalagang bahagi ng anumang ekonomya. Instrumento ito para matamasa ng isang ekonomya ang mga produkto't serbisyong kulang sa kanya. Bukod dito, ang pag-unlad ng eksport ay nakakatulong sa pagpapaunlad ng isang ekonomya habang ang kapasidad na mag-import ng kinakailangang mga sangkap para sa produksyon at iba pang pangangailangan ay nakakatulong sa maayos na pagsulong ng kabuhayan.

3rd Floor, SCC Building, 4427 Interior Old Sta. Mesa, Manila • P.O. Box SM-447, Manila 1008
Tels. 7132737, 7132729 • Fax 7160108 • E-mail: editors@ibon.org

Ngunit ang kalakalang panlabas ay instrumento rin ng imperyalismo. Ito ay isang saligang pamamaraan ng mga monopolyo kapitalista para kumuha ng limpak-limpak na supertubo mula sa mahihirap sa bansa. Nagagawa nila ito sa pamamagitan ng pagdomina ng mga pamilihan ng kanilang mga produkto, pagbili ng mga produktong agrikultural at hilaw na materyales sa napakamurang halaga, at iba pa. Sa panahon ng imperyalismo, ang eksport-import ay dominado ng mga transnayunal na korporasyon ng mga bansang imperyalista at ginagamit para higit pang apihin, huthutan at pagkakitaan ng supertubo ang mahihirap na bansa, laluna ang mga kolonya at malakolonyang bansa.

Dominante ang sektor ng eksport-import kaysa sa produksyong lokal sa ekonomya ng Pilipinas. Katunayan, labis na nakasandig sa kalakalang panlabas ang ekonomya dahil sa kolonyal at agraryong katangian ng ekonomya ng Pilipinas. Agraryo at atrasado, walang batayang industriya at pangunahing umaasa sa dayuhang pamumuhunan at pautang ang ekonomya ng bansa.

Matapos ang ilang daang taon ng tuwirang pangongolonya (300 taon ng Espanya at 50 taon ng US), ang ekonomya ng Pilipinas ay nahulma bilang bilang eksporter ng mga hilaw na materyales, semi-processed na kalakal at murang lakas-paggawa at sa kabilang banda'y importer ng mga yaring produkto at mga kagamitan at sangkap para sa produksyon nito. Nagpatuloy at lalo pang lumala ang ganitong oryentasyon ng ekonomya kahit na pa "lumaya" ito bilang kolonya ng US noong 1946.

Dapat tuwirang pinangangasiwaan ng gubyerno ang panloob at panlabas na kalakalan ng bansa. Para maproteksyonan ang lokal na ekonomya, kailangan kontrolin ng gubyerno ang pagpasok ng mga dayuhang produkto upang maiwasan ang oversupply ng mga produkto sa lokal na pamilihan. Sa gayo'y napapanatiling nabibili ang mga lokal na produkto sa lokal na pamilihan.

Ang pagpasok ng mga imported na produkto ay karaniwang nakokontrol sa pamamagitan ng pagpataw ng mga restriksyon tulad ng taripa at kota. Ang mga taripa ay ang mga buwis na ipinapataw sa mga imported na produkto. Ang kota naman ay ang pagtatakda ng lmitasyon kung hanggang ilan lamang ang maaaring ipasok na imported na produkto sa lokal na pamilihan. Dapat ay may mga produkto at larangan ng ekonomya na hindi pinahihintulutan ang importasyon lalu pa't may istratehiko at mahalagang papel ang mga ito sa pangkabuuang pag-unlad ng ekonomya.

Gayunma'y ito ang unti-unting pinapawi sa patuloy na pagsasakatuparan ng globalisasyon. Tutuo ito sa kaso ng Pilipinas lalo na nang maging aktibong kasapi ito sa World Trade Organization (WTO) noong 1995. Mula noon, ang palagiang lugi sa kolonyal na kalakalan ay lalo pang lumala at nawasak ang sektor ng agrikultura

na pangunahing kabuhayan ng mayorya sa mamamayan at tumirik ang produksyon sa manipis na industriya ng Pilipinas.

Subalit hindi pa nagkakasya ang imperyalismo sa kasalukuyang pang-aapi at pagsasamantala ng WTO. Patuloy na itinutulak ng mga imperyalistang bansa ang pagpapatindi ng mga kasunduang pumipiga sa nalalabing rekurso ng mga mahihirap na bansa. Ngayon pa lang, nagmamaniobra na ang mga ito na ipasok ang mga bagong usapin sa negosasyon na ibayong magpapalawak sa saklaw ng WTO. Tunay ngang sa WTO, walang tigil ang opresyon.

1 Ano ang GATT-WTO?

Magkarugtong ang bituka ng GATT at WTO. Ang General Agreement on Tariffs and Trade (GATT) ay serye ng mga kasunduan ng mga bansa na naglalayong baklasin ang mga restriksyon sa “malayang kalakalan” sa pagitan ng mga bansa. Nilalayon ng GATT na ilatag ang alituntunin ng pandaigdigang kalakalan tungo sa diumano’y pagkakaroon ng “malayang pagpapalitan” ng mga produkto, serbisyo at puhunan sa pagitan ng mga bansa.

Matapos ang ika-8 sa serye ng GATT multilateral trade negotiations sa Uruguay, nabuo ang World Trade Organization (WTO). Hindi katulad ng GATT, ang WTO ay isa nang organisasyon na may sistema ng pagpapatupad ng mga kasunduan. Itinatag noong 1995, ang WTO ay binubuo ngayon ng 142 bansa na pana-panahong nagpupulong upang ayusin, itakda at ipatupad ang mga kasunduan sa pandaigdigang kalakalan. Ang mga bagong kasunduan ay pinagbobotohan ng mga kinatawan ng mga kasaping bansa matapos ang mga debate at negosasyon.

Hindi tulad ng ibang pandaigdigang organisasyon, ang WTO ay may mekanismo ng pagtitiyak sa pagpapatupad ng mga desisyon nito. Mistulang korte ang WTO na maaaring dito ihabla ang mga bansang hindi nagpapatupad ng mga probisyon ng mga kasunduan at kung mapatunayan ay parurusahan sa pamamagitan ng mga multa o di kaya’y embargo sa kalakalan. May kapangyarihan ang WTO na magpasya sa mga sigalot sa kalakalan sa pagitan ng mga miyembrong bansa. Gayunman sa karanasan, ang mga kapasyahan ng WTO ay naipipilit lamang sa mga mahihirap na bansa habang pikit-mata ito sa mga lantarang paglabag dito ng mayayamang bansa.

Sa saligan, ang mga WTO agreements ay mga alituntunin na kailangang sundin at pagbatayan ng mga kasaping bansa sa pagbubuo ng kanilang patakaran at praktika

sa pakikipagkalakalan. Dalawang pangunahing prinsipyo ang itinatakda ng WTO: 1) Most- Favored-Nation (MFN) Treatment o –iisang pagtrato sa lahat ng kasaping bansa nang walang diskriminasyon o pagtatangi, at 2) ang National Treatment o ang pagtrato sa mga produktong imported ng katulad sa lokal na produkto.

Nilalayon ng WTO na 1) tiyaking natatamasa ng lahat ng kasaping bansa ang magkakatulad na karapatan sa kalakalan, 2) itaguyod ang malayang kalakalan at bawasan hanggang maalis ang mga restriksyon sa malayang kalakalan tulad ng taripa at buwis, 3) bumuo at magpatupad ng mga batas at reglamento sa pandaigdigang kalakalan, 4) alisin ang mga subsidyo upang matiyak na higit na "competitive" ang kalakalan.

2 Bakit may GATT?

Sobrang produksyon ang nasa likod ng malayang kalakalan. Malinaw na itinulak ang GATT upang makaalpas sa krisis ng sobrang produksyon ang mayayamang bansa tulad ng US at "malaya" itong maitambak sa mga mahihirap na bansang tulad ng Pilipinas. Nagkakakrisis ang mga bansang sobra-sobra ang produksyon sa pangangailangan ng pamilihan nito kung kaya kailangan nitong mailabas ang mga sobrang produkto at kapital.

Ganito ang sitwasyon ng United States (US) matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig. Itinulak pangunahin ng US ang pagbubuo at pagsasakatuparan ng GATT upang maisulong ang malayang kalakalan sa buong daigdig. Matapos ang digmaan, namayani ang US hindi lamang sa katatapos na gera kundi maging sa produksyon at kalakalan. Tanging ang US lamang sa mga bansang mayor na kasama sa gera ang hindi man lang nawasak at tumubo pa nga mula sa digmaang ito.

Matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig, magkakasunod na naitayo sa US ang iba't ibang pandaigdigang ahensya upang mailatag ang bagong kaayusang pandaigdig alinsunod sa interes ng imperyalismong US. Sa pagpupulong ng mga kinatawan ng mga bansa, naitatag ang United Nations Organization (UN) noong Oktubre 1945. Nabuo din ang International Bank for Reconstruction and Development (IBRD at tinatawag ngayong World Bank) na nakatuon sa pagpapautang ng pondo para sa rekonstruksyon ng mga imprastrakturang nasalanta ng digmaan. Itinayo din ang International Monetary Fund (IMF) upang mangasiwa at sumuporta sa mga bansang nagigipit sa kanilang balanse sa kalakalan at bayarin.

Sa panahon ding ito napagkasunduan ang General Agreement on Tariff and Trade (GATT) na naglayong magtakda ng kaayusan sa pandaigdigang kalakalan. Ang GATT na sa simula'y pinirmahan ng 23 bansa ay naging epektibo noong 1948 at mula noo'y naging instrumento sa pagbaba ng mga taripa (buwis na itinatakda sa mga imported na produkto) mula sa 40% noong matapos ang digmaang pandaigdig sa kasalukuyang 4% na taripang idinadagdag sa mga presyo ng mga produkto.

Patuloy pang pinalawak ang saklaw ng GATT sa paglulunsad ng mga round ng mga negosasyon. Pinakatampok sa mga round na ito ang tinatawag na Uruguay round of negotiations para sa mga panibagong usaping ipinapasok sa GATT. Mula 1986 hanggang 1994 ay nagkaroon ng mga negosasyon para sa mga bagong larangan na sasaklawin sa GATT. Pinakatampok sa mga ito ang pagbubuo ng World Trade Organization (WTO) upang mangasiwa sa pandaigdigang kalakalan.

3 Ano ang mga kasunduan sa ilalim ng GATT-WTO?

Bukod sa pagkakabuo ng WTO, iniluwal din ng Uruguay Round GATT negotiations ang pinakakumprehensibong mga kasunduan na nagdulot ng malaking pagbabago sa kalakaran ng pandaigdigang kalakalan. Sinaklaw ng mga kasunduan ang mga larangang sandigan ng mga ekonomya ng mga mahihirap na bansa tulad ng agrikultura, tela't kasuutan, kalakalan ng serbisyo at paggawa, intellectual property rights at maging ang pamumuhunan.

Sa ilalim ng WTO, ibayong pinalakas ang pagpapatupad ng "disiplina" sa kalakalan at ang balangkas sa pagwawaksi ng mga restriksyon sa malayang kalakalan. Sa kasalukuyan, ang WTO agreements ay binubuo ng mga dating kasunduan sa GATT na naamyendahan sa iba't ibang negosasyon hanggang 1994 kasama na ang iba pang mga kasunduan sa kalakalan ng mga produkto. Bukod dito, nadagdag sa Uruguay Round ang mga kasunduan sa trade in services, intellectual property rights, policy review mwchanism, settlement of disputes at mga plurilateral agreements. Gayunman ang mga sumunsunod ang ilan sa mga tampok na kasunduan sa ilalim ng GATT-WTO:

a. Agreement on Agriculture (AoA)

Kabilang ito sa mga kasunduang nabalangkas sa Uruguay Round at nagkabisa noong Enero 1995. Itinatakda ng AoA ang ibayong pagbubukas ng mga pamilihan sa pamamagitan ng pagpigil at pagbabawas ng taripa sa imports: tariff binding (o ang pagmementina ng mga taripa sa antas nito bago ang kasunduan, ibig sabihin

ay hindi na pwedeng itaas dito) tungo sa tariff reduction (o pagbabawas pa nito) hanggang sa tuluyan nang alisin ang taripa sa mga produktong agrikultural. Mangangahulugan din ito ng taripikasyon o pagtanggal ng lahat ng restriksyon sa import sa halip ay pagpataw na lang mga taripa sa dating pinagbabawal iimport. Itinatakda din ng AoA ang pagtatanggal sa lahat ng anyo ng suporta at subsidyo sa lokal na produksyong pang-eksport ng mga produktong agrikultural.

Batay sa kasunduan, ang mga mayayamang bansa tulad ng US ay kailangang magpatupad sa kasunduan bago ang 2000 at ang mga mahihirap na bansa naman tulad ng Pilipinas ay hanggang 2004.

Subalit ang tutuo'y higit na makikinabang ang mayayamang bansa sa AoA. Malaking bahagi pa rin ng agrikultura ng mahihirap na bansa ay tumutugon sa lokal na pangangailangan ng populasyon at maliit na bahagi lamang ang may komersyal na oryentasyon. Dagdag pa, halos walang subsidyo ang produksyong lokal sa mahihirap na bansa kumpara sa mayayamang bansa.

Sa kabilang banda, napakadaming eksemsyong ibinibigay ang AoA sa mayayamang bansa kaya hindi halos nababawasan ang napakataas nilang mga sabsidi. Kaya sa pagpasok ng mga imported na produktong agrikultural na mas mura at mataas ang subsidyo, tiyak na malulugi ang lokal na produktong agrikultural. Kahit na pa magmura ang mga produkto dahil sa imported, wala namang maipambibili dito ang mga mamamayan ng mahihirap na bansa dahil mawawalan sila ng kabuhayan at kakayahang bumili dahil sa pagkalugi ng lokal na produksyon.

b. Agreement on Textiles and Clothing

Isa sa mga pinakaprotektadong sektor sa ekonomya ng mga mayayamang bansa ang industriya ng tela at kasuutan. Sa pamamagitan ng Multi-Fiber Agreement, nakokontrol ang pagpasok ng mga produktong tela at kasuutan mula sa mga mahihirap na bansa upang proteksyonan ang industriya ng mayayamang bansa.

Sa ilalim ng WTO Agreement on Textile and Clothing, winakasan ang MFA noong Disyembre 1994 at nagtakda na ispesyal na kaayusan sa unti-unting pagpawi ng mga restriksyon ng MFA hanggang sa tuluyang pag-aalis nito sa Enero 2005.

Ang partikular na kasunduang ito ang patunay sa doble-karang pagpapatupad ng mga imperyalistang bansa sa diumano'y liberalisasyon sa kalakalan. Sa loob ng 30 taon ay pinigilan ng mga industriyalisadong bansa ang liberalisasyon ng tela at kasuutan upang mapigilan ang mga eksport mula sa mga mahihirap na bansa. Kahit

ngayong nakatakda nang magwakas ang MFA, humirit pa ang mga mayayamang bansa para sa unti-unting liberalisasyon na hindi tulad ng todo-todong liberalisasyon na nais nito sa ibang larangan tulad ng agrikultura at serbisyo.

c. General Agreement on Trade in Services (GATS)

Inilalatag naman ng GATS ang balangkas at kaayusan para sa liberalisasyon ng serbisyo na itinuturing dati na hindi larangang pangkalakalan. Layon ng GATS na papasukin ang mga dayuhan sa sektor ng serbisyo tulad ng pinansya, midya at komunikasyon, transportasyon, at mga serbisyong propesyonal tulad ng kalusugan at edukasyon. Katono ito ng panawagan ng IMF-WB na deregulasyon at pribatisasyon ng mga serbisyong pampubliko.

d. Agreement on Trade-related Investment Measures (TRIMs)

Karamihan sa mga bansa ay nagtatakda ng regulasyon sa pagpasok ng mga dayuhang puhunan sa kanilang ekonomya subalit sa ilalim ang TRIMs ang mga ito ay mapapawalambisa. Ayon sa kasunduan, ang mga bansa ay hindi pinahihintulutang magtakda ng mga rekisito at restriksyon sa dayuhang pamumuhunan. Halimbawa, hindi pinapayagan sa TRIMs na ang isang gubyerno ay magtakda sa mga dayuhang mamumuhunan na bumili ng ilang sangkap sa lokal na prodyuser, harangin ang importasyon ng ilang sangkap para sa produksyon, mag-empleyo ng lokal na paggawa, magsiwalat at ibahagi ang dayuhang teknolohiya sa produksyon.

Kumbaga, nilalayon ng TRIMs na magkaroon ng pantay at iisang pagtrato sa pamumuhunan, lokal man ito o dayuhan. Nililimitahan ng TRIMs ang kapangyarihan ng gubyerno na magtakda ng mga patakaran sa dayuhang pamumuhunan sa ekonomya nito.

e. Agreement on Trade-related Intellectual Property Rights (TRIPs)

Ang kasunduan sa TRIPs ay pangunahing itinulak ng mga korporasyong transnasyonal sa industriyang parmasyutiko at biotechnology. Itinatakda sa TRIPs ang pagbibigay-proteksyon sa karapatan ng mga imbentor o “may-ari” ng isang produkto, disenyo o teknolohiya para sa eksklusibong paggamit nito o pagkita mula dito kapag ginamit ng iba. Kasama rin dito ang patente sa mga micro-organisms gaya ng bacteria, virus, fungi, algae at iba pang sangkap sa mga micro-biological at non-biological na proseso.

Napakahigpit ng mga korporasyong transnasyonal sa pagbabantay sa “iligal” na paggamit ng kanilang mga patente at teknolohiya. Subalit sa kabilang banda,

maraming kaso na ang mga katutubong kaalaman sa gamot, praktika, at maging mga binhi ng halaman, hayop at buhay ng mga tao ay kanilang inaangkin bilang intellectual property right.

4. Paano ipinatutupad ang mga kasunduan sa GATT-WTO?

Kapag pumirma at pinagtibay ng isang bansa ang WTO, ang mga kasunduan dito ay may bisa at dapat ipatupad nang walang pasubali kahit na labag sa sariling konstitusyon nito ang mga probisyon ng WTO. Ang mga sigalot o pagtatalo sa WTO ay hindi lamang tungkol sa labanan ng mga bansa sa kalakalan kundi pwedeng dahil inireklamo ang isang bansa na hindi tumutupad sa kasunduan o mayroon itong batas at patakaran na lumalabag sa mga kasunduan.

Upang matiyak ang pagpapatupad ng mga kasunduan, nagtakda ang WTO ng proseso ng pag-aayos ng sigalot sa pagitan ng mga miyembro ng organisasyon. Halimbawa, kung ang isang bansang-kasapi ay may reklamo sa isa pang bansa sa hindi nito pagtupad sa kasunduan, maari itong magsampa ng reklamo sa Dispute Settlement Body (DSB) ng WTO. Sekreto at hindi maaring daluhan ng publiko ang mga pagdinig sa mga kasong ganito.

Sakaling irekomenda ng mga panel ng imbestigador at pagtibayin sa DSB, ang isang bansa ay maaring patawan ng parusa mula sa pagmumulta hanggang sa pagharang sa mga eksport nito sa ibang bansa sa pamamagitan ng mas mataas na taripa. Ang ganitong parusa ay maaring isagawa hindi lamang ng nagrereklamong bansa kundi ng iba pang kasaping bansa ng WTO hanggat hindi naiwawasto ang batas, patakaran o anumang inireklamo laban dito.

Ang pinakamataas na awtoridad sa WTO ay ang Ministerial Conference na nagpupulong kada dalawang taon. Binubuo ng mga kinatawan ng mga ekonomya (mga bansa). Sa pagitan ng mga pulong nito, ang kapangyarihan sa pang-araw-araw na operasyon ay tangan ng General Council. Ang mga partikular na larangan sa kalakalan ay pinangangasiwaan ng mga konseho tulad ng Council for Trade of Goods, Council for Trade in Services, Council for Trade-related Intellectual Property Rights at iba pang konseho o komite na nagtitiyak sa pagpapalaganap at pagpapatupad ng mga kasunduan.

Dinadaan sa consensus ang pagpapasya sa loob ng WTO. Kung hindi makuha ang consensus, ang desisyon ay binubuo sa pamamagitan ng botohan – isang bansa, isang boto para diumano'y magkaroon ng demokrasya. Subalit karaniwang nabubuo ang mga desisyon sa labas ng mga pormal na pagpupulong. Bago ang mga pormal na pulong at botohan, nagkakaroon ng mga impormal at di-opisyal na negosasyon

(tinatawag na “green room process”) ang mga mayayamang bansa kung kaya’t kadalasang buo na ang mga desisyon kapag inihapag sa pormal na pulong.

5. Ano ang naging epekto ng mga kasunduan sa GATT-WTO sa pandaigdigang kalakalan at kabuhayan ng mga mamamayan ng daigdig?

Lalong naging di-pantay ang pandaigdigang kalakalan na nagdulot ng napakatinding paghihikahos sa mga mamamayan habang patuloy na lumalaki ang tubo ng mga korporasyong transnasyonal laluna yung mga nasa export-import.

Ibayong nasentro ang pandaigdigang kalakalan sa mayayamang bansa habang pinipigilan ang eksportasyon ng mga kalakal mula sa mahihirap na bansa. Noong 1998, (tatlong taon matapos na itatag ang WTO) ang kabuuang eksport ng mga mahihirap na bansa ay umaabot lamang sa 28% ng pandaigdigang eksport. Noong 2000, nangunguna sa talaan ng pinakamalalaking eksporter at importer ng kalakal at serbisyo sa daigdig ang mga bansang kabilang sa tinaguriang Quad (United States, European Union, Japan at Canada).

Top 10 Exporters and Importers in World Merchandise Trade, 2000 (in billion dollars and percentage)

Exporters	Value	Share	Importers	Value	Share
United States	782.4	12.3	United States	1258.0	18.9
Germany	551.6	8.7	Germany	500.1	7.5
Japan	479.3	7.5	Japan	379.5	5.7
France	298.1	4.7	United Kingdom	331.7	5.0
United Kingdom	280.1	4.4	France	305.4	4.6
Canada	277.2	4.4	Canada	249.1	3.7
China	249.2	3.9	Italy	233.3	3.5
Italy	234.6	3.7	China	225.1	3.4
Netherlands	211.7	3.3	Hong Kong	214.2	3.2
Hong Kong	202.4	3.2	Netherlands	197.0	3.0
Total	3566.6	56.1	Total	3893.4	58.5
World	6358.0	100.0	World	6662.0	100.0

*Figures may not add up due to rounding.

Source: WTO

Top 10 Exporters and Importers in World Trade in Commercial Services, 2000 (in billion dollars and percentage)

Exporters	Value	Share	Importers	Value	Share
United States	274.0	19.3	United States	199.3	14.2
United Kingdom	100.1	7.1	Germany	125.7	9.0
France	77.3	5.5	Japan	115.1	8.2
Germany	75.1	5.3	United Kingdom	82.3	5.9
Japan	68.0	4.8	France	57.1	4.1
Italy	59.0	4.2	Italy	57.1	4.1
Spain	52.1	3.7	Netherlands	50.1	3.6
Netherlands	50.6	3.6	Canada	41.8	3.0
Hong Kong	43.3	3.1	Belgium-Luxembourg	38.7	2.8
Belgium-Luxembourg	40.2	2.8	China	34.8	2.5
Total	839.7	59.4	Total	802.0	57.4
World	1415.0	100.0	World	1400.0	100.0

*Figures may not add up due to rounding.

Source: WTO

Tutuo ngang naging “malaya” ang kalakalan subalit lalo naman itong naging makaisang panig. Nabuksan ang pamilihan ng mga mahihirap na bansa sa Asya. Silangang Europa, Africa, at Latin America subalit ang nakinabang dito ay ang mga mayayamang bansa at ang kanilang korporasyong transnasyonal. Samantala, ang sinasabing pag-unlad sa malayang kalakalan ay bangungot para sa mahihirap na bansa. Sa halip, ayon mismo sa WTO, ang bilang ng mga mamamayang naghihikahos ay ibayo pang madodoble pagsapit ng 2008.

Ibayo pang napalaki ng mga mayayamang bansa ang kanilang eksportasyon laluna sa pamamagitan ng mga kasunduan sa WTO. Sa pamamagitan ng AoA, GATS at iba pang mga WTO agreements, naipasa ng mga mayayamang bansa ang kanilang sobrang produkto at kapital sa mahihirap na bansa upang mabawasan ang kanilang krisis sa sobrang produksyon.

Di-pantay na “malayang kalakalan”

Tusong nagagamit ng mga mayayamang bansa ang mga kasunduan sa WTO upang malaya nitong maipasok sa pamilihan ng mahihirap na bansa ang mga sobrang produkto nito. Mas mura pa nga nitong naipapasa ang mga produkto nito dahil sa bukod sa sobrang produksyon ito mas mura ang gastos dito sa produksyon.

Lalo pa itong nagiging mura dahil sa mataas na subsidyong ibinibigay ng mga mayayamang bansa sa produksyon ng kanilang eksport. Gayong itinatakda ng mga kasunduan ang pagpapababa ng mga taripa at pag-aalis ng mga subsidyo, ang mga mayayamang bansa naman ay nakakalusot dito sa pamamagitan ng mga maniobra sa kasunduan.

Isa sa mga maniobra ay ang paggamit ng tinatawag na Agreement on Sanitary and Phytosanitary Standards. Ginagamit ng mayayamang bansa ang taktika ng di-pagpapasok ng mga produkto mula sa mga mahihirap na bansa dahil sa diumano'y mababang istandard ng mga ito. Halimbawa, nitong 2002, hinarang ng Australia ang pagpasok sa kanilang ekonomya ng mga saging (cavendish bananas) mula sa Pilipinas dahil ito raw ay nagtataglay ng sakit at mga peste na maaaring makahawa sa lokal na industriya ng saging sa Australia. Kakatwa ito gayong mula pa noong dekada 60 ay ini-eksport na ang mga saging ng Pilipinas sa mga bansang matataas ang pamantayan tulad ng Japan at New Zealand. Ang tutuo'y dahilan lamang ito para proteksyonan ng Australia ang kanilang lokal na industriya ng saging na mas maliit ang produksyon (20 tonelada ng saging kada ektarya) kumpara sa Pilipinas (60 tonelada kada ektarya). Hindi rin pinapapasok sa US ang mga mga eksport na Philippine carageenan o seaweeds dahil daw sa mataas na aflatoxin level nito.

Habang hinaharang ang pagpasok ng mga produkto mula sa mahihirap na bansa, patuloy naman nitong sinusuportahan ang lokal na eksport sa pamamagitan ng mga subsidyo. Sa pamamagitan ng iba't ibang iskema ng palusot at pag-ikot sa kasunduan, napapanatili ng mga mayayamang bansa ang suportang teknikal at subsidyo laluna sa mga malalaking korporasyon. Ayon sa AoA, unti-unting babawasan ng mga gubyerno ang mga subsidyo sa produksyong agrikultura at hindi na ito maaaring dagdagan. Lugi agad dito ang mahihirap na bansa dahil una, dati nang malaki ang subsidyo ng mga ito sa produksyon at ikalawa, maliit kung meron man at walang kakayahang magsubsidyo ang mga mahihirap na bansa sa agrikultura. Kaya nga sa kabila ng "free trade", tinatayang umaabot pa rin sa 40% sa European Union (EU) at 25% naman sa US ang bahaging sinusubsidyo sa kabuuang produksyong agrikultura ng mga ito. Halimbawa, sa ilalim ng Common Agricultural Policy ng European Union, may nakalaang $50 bilyon kada taon para suportahan ang sektor ng agrikultura ng mga bansang kasapi nito. Sa mga magsasakang Pranses pa lamang, aabot na sa $10 bilyon ang subsidyo ng EU.

Samantala, bihira sa mga mahihirap na bansa ang nakakapagsubsidyo sa kanilang agrikultura nang mahigit sa 10% ng kanilang kabuuang produksyong agrikultural. Sa Pilipinas, hindi pa lalagpas sa 5% ng kabuuang produksyong agrikultural ang may subsidyo na ang tunguhin pa ay patuloy na pagbabawas dito hanggang sa tuluyang maalis batay sa itinatakda ng mga kasunduan sa WTO.

Naghihingalong ekonomya at mamamayan ng mahihirap na bansa

Epektibong naipasa ng mga mayayamang bansa ang kanilang sobrang produkto at kapital sa mga mahihirap na bansa na ibayo pang nagpalaki sa kanilang tubo habang pinapatay naman ang mga ekonomya ng huli. Lalo pang pinalala ng mga kasunduan sa WTO ang mga pundamental na depektong istruktural ng mga mahihirap na bansa na kalakhan ay agrikultural at hinulmang nakasandig sa sektor ng import-eksport.

Sa pagbaha ng mga mas murang produktong imported, tuluyang nalumpo ang mga maliliit na prodyuser na kalakhan ay mga magsasaka at maliliit na negosyante. Maramihang nalugi at nagsara ang mga lokal na empresa dahil sa di makayanang pakikipagkompetisyon sa mga imported na produkto. Ang mga maliliit na empresa sa ikatlong daigdig ay napwersang maging subcontractor ng mga malalaking korporasyong transnasyonal upang makapanatili sa gitna ng matinding hambalos ng liberalisasyon. Nagluwal ito ng malawakang tanggalan sa trabaho na lalo pang nagpalobo sa malaking bilang ng mga walang hanapbuhay sa mga mahihirap na bansa. Malaganap ang kontrakwalisasyon at iba pang porma ng “pleksibilisasyon” sa paggawa na ang layunin ay tipirin ang gastos sa produksyon. Sa panahon ng pagtumal ng negosyo, ang unang isinasakripisyo ay ang sahod, trabaho at karapatan ng mga manggagawa.

Dahil karamihan sa mga mahihirap na bansa ay agrikultural, ang agad na tinamaan ng liberalisasyon ay ang kabuhayan ng milyong-milyong magsasaka na umaasa sa agrikultura. Walang laban ang mga lokal na produktong agrikultura ng mahihirap na bansa sa mas mura at may subsidyong produktong agrikultural ng mayayamang bansa. Mas masahol pa, ang agrikultura ng mahihirap na bansa ay itinuon sa pagtatanim ng mga produktong mabili sa pandaigdigang pamilihan tulad ng mga high value crops na sukat na maglagay sa matinding kasalatan sa pagkain ng mga mahihirap na bansa. Mula sa pagiging prodyuser, ang mga mahihirap na bansa ay kabilang na ngayon sa pinakamalalaking importer ng mga produktong agrikultural kahit na yaong mga batayang produktong pagkain tulad ng bigas at mais.

Matinding dislokasyon ang idinulot nito sa mga agrikultural na bansa. Tulad ng nangyari sa mga maliliit na industriya, ang mga sakahan ng maliliit na magsasaka ay unti-unting nawawala dahil sa pagkalugi at pagkailit ng mga ito na nakakamkam ng mga malalaking panginoong maylupa at dayuhang agribusiness. Malaganap ang kawalan ng hanabuhay sa sektor ng agrikultura sa mga mahihirap na bansa. Mahigit 3 milyong trabaho sa India ang nawala dahil sa pagbagsak ng presyo ng edible oil. Sa Mexico, 800,000 magsasaka ang nawalan ng ikabubuhay dahil sa pagkalugi ng lokal na produkyon ng mais. Sa Sri Lanka, apektado ang mahigit 300,000

magsasaka sa pagkalugi ng pananim sa patatas at sibuyas. Sa buong daigdig, tinatayang aabot sa 30 milyong trabaho sa mga mahihirap na bansa ang nawala dahil sa liberalisasyon sa kalakalan.

6 Paano napabilang ang Pilipinas sa WTO at ano ang ipinangakong ganansya sa pagpaloob ng bansa dito?

Niratipika ng Senado ng Pilipinas ang mga bagong kasunduan sa GATT noong 1994 sa pagtutulak ng noo'y senador at ngayo'y Presidente Gloria Macapagal-Arroyo. Kaya naman, nang itayo ang WTO nang sumunod na taon, ang Pilipinas ay kabilang sa mga nagtatag nito.

Mahigpit na tinutulan ito ng mga organisasyon ng mamamayan. Tinuligsa ng mamamayan ang pagpasok sa kasunduang GATT gayong malinaw na lalo lamang nitong palalain ang napakatinding krisis sa ekonomya ng bansa. Noon pa ma'y marami na ang nagbabala na isang pagpapatiwakal para sa Pilipinas ang pagpaloob nito sa GATT habang nananatili ang pundamental na depekto ng ekonomya nito.

Atrasado at napakabababa ng produktibidad ng sa saliga'y agraryong ekonomya ng bansa. Walang industriya at kung meron man, ito ay nasa antas lamang ng pag-aasembol ng mga imported na sangkap sa produksyon kung kaya labis na nakasandig sa kalakarang eksport-import. Laging lugi sa kalakalan ang bansa dahil sa di-pantay at kolonyal na padron ng kalakalan. Napakalaki ng hukbo ng walang trabaho dahil walang kakayahan ang maliit na industriya at bangkaroteng agrikultura na humigop ng patuloy na lumalaking bilang ng mga walang trabaho. Ang naghihingalong ekonomya ng bansa ay nabubuhay na lamang dahil sa dolyar na nagmumula sa remitans ng OFWs, utang panlabas at dayuhang puhunan. Sa ganitong kalagayan ng ekonomya, tiyak na ang lalo pang pagkawasak nito kapag pumasok sa GATT.

Subalit sa kabila ng protesta ng mga magsasaka, manggagawa, propesyonal, maliliit na negosyante at kahit na ng ilang makabayang pinuno ng gubyerno, pilit na nagsumiksik ang Pilipinas sa GATT at katunaya'y kabilang pa nga sa tagapagtatag ng WTO noong 1995. Ito ang isa sa mga tampok na misyon para sa imperyalismong US ng administrasyon ni Heneral Fidel Ramos matapos na isabatas ang pagkukumpleto ng globalisasyon sa programa nitong Philippines 2000.

Ayon sa noo'y senador Gloria Arroyo, wala daw mapagpipilian kundi sumama sa GATT at WTO na magdudulot naman daw ng maraming benepisyo sa ekonomya. Tinukoy pa nga nito na sa pagpasok sa GATT, magluluwal daw ito ng 500,000 bagong trabaho kada taon sa agrikultura, 587,000 bagong trabaho kada taon sa industriya, madagdagan ang gross value added ng bansa ng mahigit P60 bilyon kada taon, magkakaroon ng sa minimum ay 6% paglago sa ekonomya taun-taon.

Tiyak ang mga salita at pangakong binitawan noon ng mga nagsulong ng ratipikasyon ng GATT. Ngayo'y tila ibinabaon na sa limot ang lahat ng mga ito. Sa susunod na taon ay ikasampung taon na mula nang pumaloob ang Pilipinas sa kasunduang ito subalit wala man lang kahit isa sa mga ito ang nagkatutuo. Bagkus, ang sampung taon ng Pilipinas sa GATT-WTO ay sampung taon ng ibayong paglala sa kabuhayan ng mamamayan. Kahit na pa ang mismong umusal ng mga pangakong ito ay kasalukuyang pangulo na ng bansa.

7 Ano ang mga pagbabagong isinagawa sa ekonomya kaugnay ng pagsasakatuparan ng mga kasunduan sa WTO?

Sa pagpasok ng Pilipinas sa GATT at pagiging masugid na kasapi ng WTO, tuloy-tuloy na iniayon dito ang ekonomya ng bansa kasabay ng pagpapatupad sa mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon na itinutulak din ng IMF at World Bank.

Ang mga ito ay nilegalisa sa pababalangkas at pagpapatupad ng mga batas tulad ng Special Economic Zones Act na nagpalawak sa saklaw ng dayuhang pamumuhunan at mga pagpapalaki ng mga insentibong ibinibigay sa mga dayuhan. Ibayo ding pinapasok ang mga dayuhan sa liberalisasyon ng mga sektor ng ekonomya tulad sa pagmimina, pagbabangko at pinansya. Sa programa ng pribatisasyon, napasakamay ng mga dayuhan kahit na ang mga batayang serbisyo tulad ng tubig at kuryente.

Patuloy ding inangkop ang mga patakaran sa taripa ayon sa probisyon ng GATT-WTO. Mula 1991-1995, ang mga taripa para sa kalakhan ng mga kalakal ay pinaliit pa hangang 30% sa bisa ng Executive Order 470. Mula 1996 hanggang 2000, ang mga taripa ay ibayo pang binawasan hanggang sa 3%-10%. Ang mga taripa sa produktong agrikultural ay hindi na kailangang bawasan dahil napakababa na nito batay sa kahingian ng WTO. Gayunman, obligado ang Pilipinas ayon sa probisyon ng WTO na payagan ang importasyon ng mga produktong agrikultural. Isang

halimbawa nito ang bigas na batay sa probisyon ng WTO ay may minimum access volume na 2% ng lokal na konsumo at 4% naman sa 2004. Pwera pa dito ang naipupuslit sa pamamagitan ng technical smuggling.

Bilang pagsasakatuparan sa Agreement on Agriculture (AoA), ipinatupad ng pamahalaan ang Agricultural Tariffication Act (RA 8178) na nagpahintulot sa pagpasok ng mga imported na produktong agrikultural tulad ng sibuyas, patatas, at bawang. May mga partikular ding batas na binalangkas para sa malayang pagpasok ng mga imported na produktong agrikultural tulad ng repolyo (RA1296), kape (RA 2712) at karneng baka (RA 1297).

Sa ganitong diwa din nakaangkla ang Agricultural and Fisheries Modernization Act (AFMA) noong 1997 na naglalatag ng diumano'y "modernisasyon" ng agrikultura sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng produksyong pang-eksport sa agrikultura at pagbibigay ng insentibo sa mga dayuhang agribusiness.

Mga probisyon din ng GATT-WTO ang isinasakatuparan ng mga batas tungkol sa pagpapaunlad ng high-value crops, Indigenous Peoples Rights Act (IPRA) at maging ng Integrated Forestry Management Agreement (IFMA).

Kahit ang mga napipintong hakbangin ng gubyerno ay nakatuon pa rin sa pag-aayon ng mga batas ng Pilipinas sa itinatakda ng mga kasunduan sa WTO. Ang panawagan sa pag-aamyenda ng konstitusyon na ipinagpipilitan ng kongreso at palihim na itinataguyod ng administrasyong Arroyo ay nasa balangkas ng pag-aamyenda sa mga probisyon nito na sumasagka sa malayang kalakalan at globalisasyon.

8 Paano naaapektuhan ng mga kasunduan ng GATT-WTO ang kabuhayan ng karaniwang mamamayan?

Hindi maitatanggi kahit nang gubyerno na mas nagdulot ng paghihikahos ng mamamayan at pagtindi ng krisis sa ekonomya ang bansa ang naging pangkalahatang epekto ng GATT-WTO sa ating bansa. Masyado raw minadali ang pagpapatupad sabi ni Pangulong Arroyo na para bang wala itong kinalaman sa mga nangyari.

Paano nga namang maikakaila ito gayong nagdudumilat ang mga patunay na lalo pang lumala ang kahirapan sa ating bansa. Sa halip na maganap ang sinasabing

pag-unlad, iniluwal ng liberalisasyon sa kalakalan ang pagdami ng mga naghihikahos, kawalang trabaho at ang pangkalahatang pagbagsak ng kabuhayan ng nakararaming mamamayan.

Mahigit 1 milyong trabaho ang nawala sa sa agrikultura. Tinatayang nitong mga nakaraang taon, hindi bababa sa 300 trabaho kada araw ang nawawala sa tumitirik na industriya. Ang tantos ng kawalang trabaho sa bansa noong nakaraang taon (13.9%) ay umabot sa pinakamataas na rekord nito sa kasaysayan. Bahagya itong bumaba ngayon, 12.2% ngayong Abril 2003 subalit ang pagliit nito ay dahil pa sa pagdami ng mga own-account workers o yaong mga naghanap ng sariling pagkakakitaan para lamang mabuhay.

Halos tumirik ang produksyong industriyal sa bansa laluna sa pagmamanupaktura. Sa survey ng NSO noong 2002, inulat nitong isa lamang sa bawat limang establisimyento (21.3%) ang tumatakbo sa full capacity dahil sa kawalan ng imported na input, atrasadong teknolohiya at kawalan ng kakayahang makipagsabayan sa pandaigdigang pamilihan. Bukod dito, naghihingalo na ang lokal na industriya dahil sa matinding epekto ng liberalisasyon sa kalakalan na itinutulak ng gubyerno. Patuloy na lumalaki ang bilang mga establisimyentong nagsasara o kaya'y nagbabawas ng manggagawa. Karamihan dito ay nagsara o nagbawas ng paggawa dahil sa kawalan ng kakayahang makipagkumpitensya sa mas murang imported na produktong bumabaha sa lokal na pamilihan. Bukod dito, apektado rin sila ng kawalan ng kapital, di-makayanan ang napakataas na gastos sa produksyon at nagsasagawa ng pleksibilisasyon sa paggawa para maangkupan ang krisis na ang unang isinasakripisyo ay ang mga manggagawa.

Mula sa pagiging eksporter ng produktong agrikultural, ang Pilipinas ngayon ay naging net food importer. Bago ang GATT, ang kalakalan sa agrikultura ay may surplas na $1.3 bilyon subalit apat na taon nakalipas noong 1994, umaabot sa $3.5 bilyon ang depisito sa agrikultura. Lumaki ng 540% ang importasyon ng bigas at 520% naman sa mais.

Sinalanta din ng liberalisasyon maging ang iba pang pananim. Nalantad sa mga pahayagan ang mabilis na pagbagsak ng kabuhayan sa Benguet at Mountain Province na tinaguriang "salad bowl" ng bansa dahil sa pagpasok ng mga murang imported na gulay mula sa China. Bumagsak din ang presyo ng mga produktong bawang, sibuyas at kape na nagdulot ng matinding dislokasyon sa mga magsasakang pangunahing umaasa sa pagtatanim ng mga produktong nabanggit.

Hindi rin naligtas ang pangisdaan sa epekto ng liberalisasyon. Patuloy na lumalaki ang importasyon ng mga isda na karamihan ay siya ding pangunahing huli ng mga

Piling Economic Indicators ng Pilipinas Matapos Pumaloob sa WTO

	1995	1996	1997	1998	1999	2000	2001	2002
GNP Growth Rate (at constant 1985 prices)	4.96	7.24	5.25	0.40	3.66	2.8	4.0	4.47
GDP Growth Rate (at constant 1985 prices)	4.76	5.85	5.19	(0.59)	3.32	4	3.4	4.43
NCR Nominal Non-Agri Minimum Wage	145.00	165.00	185.00	198.00	223.50	250.00	265.00	280.00
Unemployment Rate	8.8	8.3	22.1	10	10	11.2	11.1	13.90
Underemployment Rate	18.6	21.0	8.7	22	22	21.7	17.2	19.6
Foreign Exchange Liabilities (in million $)	39,367	41,875	45,433	47,817	52,210	52,060	52,426	53.874
Purchasing Power of the Peso (Phil-1994)	0.93	0.85	0.80	0.73	0.68	0.63	0.61	0.59
Daily Cost of Living			338.02	372.95	388.71	414.45	430.99	442.81
Inflation Rate (Phil)	8.0	9.1	5.9	9.8	6.6	6.6	4.0	2.6
National Govt Cash Operations (in million P)	11,074	6,256	1,564	(49,981)	(111,658)	(134,212)	(147,023)	(210,741)
Balance of Trade (in million P)	-149,121	-190,839	-250,861	-176,761	30,490	-45,095	-77,705	-86,341
Balance of Payments (in million US $)	631	4,107	-3,363	1,359	-513	-192	-1,308	751

Tinipon ng: Ibon Databank

lokal na mangingisda. Sa unang 5 taon ng WTO, ang imported na isda ay umabot sa 45% ng kabuuang produksyon sa pangisdaan. implementasyon nito mula 1995-1999 ng 45%. Depisit ang kalakalan sa pangisdaan. Noong 1996 ay –13.2%, noong 1997 ay –17% at noong 1999 ay –25%. Ito ay bunga ng paglaki ng bolyum ng isdang pumasok sa ating bansa.

Malaking salik ito sa patuloy na paglaki ng depisito sa balanse sa bayarin ng bansa. Bumagsak ang halaga ng palitan ng piso ng 72% laluna matapos ang Asian financial crisis noong 1997 na sukat ikalaki ng utang panlabas ng bansa at umaabot na ngayon sa $54 bilyon.

Hindi rin naman lumago ang ekonomya ng bansa tulad ng ipinagmalaking 6% annual growth rate. Mula noong 1995, ni hindi man lang umabot ng 5% ang taunang inilago ng ekonomya na kalakhan pa ay tulak ng pagpasok ng mga remitans ng OFW at dayuhang salapi sa anyo ng pautang at portfolio investments. Kung tutuusin, ang pauntol-untol na paglago ng ekonomya ay dala ng paglaki ng sektor ng serbisyo. Matapos na pumasok ang Pilipinas sa WTO, lalo pang dumadausdos ang bahagi ng agrikultura at industriya sa pambansang kita.

Comparative Statistics on the Share of Manufacturing, Agriculture and Services to GDP, Selected Years (Figure in Percent)

Year	Manufacturing	Agriculture	Services
1970	23	29	42
1975	24	27	40
1980	25	26	38
1985	25	25	40
1990	25	22	44
1995	23	22	46
2000	22	16	53
2001/a	22	16	53

/a Government forecasts.

Source: Philippine Statistical Yearbook, 1983 Edition, NEDA; Philippine Statistical Yearbook, 1992 and 2000 editions, NSCB.

Maging ang badyet ng gubyerno ay apektado ng liberalisasyon ng WTO. Ayon sa pagtataya ng Tariff Commission, ang mga pagbabawas sa taripa dahil sa komitment ng Pilipinas sa WTO ay nagpapaba sa koleksyon ng taripa na sana'y potensyal na kita ng gubyerno at makakapagpaliit sa napakatinding depisito nito sa budget. Kaya naman ang dati nang maliit na serbisyong panlipunan ay tuluyan pang napaliliit sa kawalan ng badyet. Masahol pa, ang pangunahing pinaggugulan ng pambansang

badyet ay ang pagbabayad sa utang panlabas at badyet sa mga gerang inilulunsad ng gubyernong Arroyo.

Koleksyon ng Taripa (1997-2001 sa bilyong piso)	
1997	P 83
1998	82.1
2001	72.96
2002	59.5
Pinagmulan: Tariff Commission Report	

Lalong tumindi ang paghihikahos. Ang upisyal na datos ng gubyerno ay 40% subalit maraming mananaliksik ang nagsasabing aabot pa ang tindi ng kahirapan sa 86% ng populasyon laluna sa kanayunan.

9 Anu-ano ang iba't ibang paninindigan at pananaw sa GATT-WTO?

Inamin mismo ng WTO na ibayong tumindi ang kahirapan sa buong daigdig at lalong lumaki ang agwat ng mga mahihirap na bansa sa mga mayayamang bansa.

Patuloy na lumalakas ang paglaban ng mamamayan sa iba't ibang panig ng daigdig laban sa WTO. Mula sa unang araw ng pagkakatatag nito, ang WTO ay sinalubong ng iba't ibang porma ng pagkilos mula sa mga manggagawa, magsasaka, maliit na negosyante sa mahihirap na bansa at maging sa mga bansang industriyalisado.

Milyon-milyong mamamayan ang nagsagawa ang mga rali, demonstrasyon, piket at iba pang anyo ng pagkilos upang tutulan ang imperyalistang globalisasyon at kondenahin ang "malayang kalakalan" na itinatakda ng GATT-WTO. Bawat pagtitipon ng WTO ay tinatapatan ng mga pagtitipon at protesta ng mga mamamayan.

Pinakatampok sa mga ito ang pagkilos ng mamamayan ng daigdig sa ikatlong ministerial meeting ng WTO sa Seattle, USA noong Nobyembre 1999. Libong mamamayan mula sa iba't ibang panig ng daigdig ang nakiisa sa daang libong mamamayang Amerikano upang ilantad at tuligsain ang walang pakialam na pagpapalaki ng tubo ng mga korporasyong transnasyonal ng mga mayayamang

bansa sa kabila ng pagwasak nito sa kabuhayan ng mga ordinaryong mamamayan at sa mga ekonomya ng mga mahihirap na bansa. Mahigit 1,500 organisasyon ang nagtipon sa Seattle upang yanigin ng protesta sa loob ng limang araw ang pagpupulong ng mga upisyales ng WTO na noo'y nagpaplano na naman ng mga bagong larangang bubuksan para sa liberalisasyon. Ang pagkilos na ito na sinasabing halos kapantay ng anti-Vietnam war noong dekada 60 ang isa sa naging dahilan upang mabigo ang ikatlong ministerial meeting ng WTO.

Inilunsad ang ikaapat na ministerial meeting ng WTO sa Doha, Qatar noong Nobyembre 2001. Marami ang nagsasabing ang Qatar na isang monarkiya at militarisadong estado ang napiling paglunsaran ng pulong upang di maulit ang nangyari sa Seattle. Nauna rito, nagdaos ng isa pang pulong ang WTO sa Singapore para sa mga piling bansa upang pag-usapan ang inilalakong panukala ng mga mayayamang bansa tulad ng US at mga bansang kasapi ng European Union (EU).

Bago pa man ang pagpupulong sa Doha, itinutulak na ng US at EU ang pagtalakay sa ikaapat na ministerial meeting ng mga bagong isyu o larangang sasaklawin ng liberalisasyon sa WTO. Kabilang sa tinatawag ngayong Singapore issues ang panukalang isama sa WTO ang liberalisasyon ng pamumuhunan, patakaran sa kumpetisyon, government procurement at trade facilitation. Sa Doha, samutsaring maniobra ang ginawa ng mga mayayamang bansa upang maitulak ang kumperensya na mag-usap sa mga bagong usaping ito. Mahigpit naman ang posisyon ng mga mahihirap na bansa na pigilan ito at sa halip ay iginigiit na sa halip na mga bagong isyu, ang kailangang pag-usapan ay ang pagbabaklas at pagrebyu sa mga dati nang kasunduan na napatunayang nagdudulot ng masamang epekto sa kabuhayan ng mga ordinaryong mamamayan at ekonomya ng mga mahihirap na bansa.

Hinahati ng mga mayayamang bansa ang pagkakaisa ng mga kinatawan ng mahihirap na bansa sa pamamagitan ng "Green Room" process o ang pagtitipon sa ilang piling kinatawan ng mahihirap na bansa upang kumbinsihin, suhulan, pilitin o kaya'y takutin para sumang-ayon sa mga panukala ng mayayamang bansa. Inireklamo ng mga kinatawan ng mahihirap na bansa ang mga di-pormal, patago at maliliit na pagpupulong na ito upang hatiin ang pagkakaisa ng mga mahihirap na bansa.

Mainit ang diskusyon sa loob ng anim na araw ng mga delegado at maging sa labas ng kumperensya, mainit din ang protesta ng mga organisasyon ng mamamayan. Subalit sa pagtatapos ng kumperensya sa Doha, mapagpasyang naipasok ng iilang mayayamang bansa ang kanilang adyenda at naitulak ang mga miyembrong-bansa

ng WTO na sumang-ayon para pag-usapan ang mga bagong isyu sa susunod na ministerial meeting. Patunay ito sa dominasyon ng EU, US, Japan at Canada sa WTO.

Luminaw ang ispektrum ng mga posisyon ng mga bansa kaugnay sa mga isyu sa WTO. Ilang mga bansa sa pangunguna ng mga mahihirap na bansa tulad ng India ang nagsasabing kailangang pigilan ang negosasyon sa mga bagong isyu dahil 1) mas mahalagang irebyu muna ang naging implementasyon ng mga naunang kasunduan na sa pananaw nila ay naging makaisang panig para sa mayayamang bansa, 2) higit na matinding kahirapan at dislokasyon ang daranasin ng mga mahihirap na bansa sa mga bagong isyung ipinapanukala ng mga mayayamang bansa.

Sa kabilang banda naman, may mga bansang bukas sa negosasyon para sa mga bagong isyu subalit nananawagan ng reporma sa mga proseso ng pagbubuo ng desisyon at mga patakaran sa pagpapatupad ng mga kasunduan sa WTO tulad ng Special and Differential Measures para sa mga mahihirap na bansa.

Itinutulak naman ng mga mayayamang bansa sa pangunguna ng EU, Japan, Canada, Australia sa pagtataguyod ng US ang mga bagong isyu. Katunayan, ang mga ito ang nangunguna sa mga taktika ng panlilinlang at pananakot sa mga nakaraang kumperensya upang ipasok ang mga bagong isyu sa adyenda ng ministerial meeting ng WTO.

Subalit, sa labas ng WTO at sa pangunguna ng mga militanteng organisasyon ng mamamayan, lumalakas ang panawagan para sa pagbabaklas ng mga kasunduan sa WTO. Iginigiit halimbawa ng mga progresibong organisasyon ng mga magsasaka tulad ng La Via Campesina at Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na alisin ang agrikultura sa saklaw ng mga kasunduan sa WTO. Nakikibaka din ang mga mga unyon at organisasyon ng mga manggagawa na baklasin ang mga kasunduan sa serbisyo tulad ng GATS na nagresulta sa pagtindi ng kawalang trabaho. Pagbabasura din ang panawagan ng mga manggagawa sa kalusugan, kilusan ng mga katutubo at mga organisasyong nangangalaga sa kalikasan sa TRIPs.

Para sa maraming organisasyon ng mamamayan sa iba't ibang panig ng daigdig, ang usapin ay hindi upang irebyu, ayusin at ireporma ang WTO. Para sa mamamayan, ang WTO katulad din ng IMF at WB ay instrumentong nagsisilbi sa imperyalistang interes na pagtubuan ang kahirapan ng bilyong mamamayan ng daigidig. Para sa mga bilyong magsasaka, manggagawa, katutubo, propesyonal at maliliit na negosyante, ang tanging paraan para mabuhay ay ang pagbabasura sa WTO.

10 Ano ang mga isyung nakapaloob sa ikalimang ministerial conference ng WTO sa Cancun, Mexico?

Sa Setyembre 9-14, 2003, gaganapin ang ikalimang ministerial meeting. Isa sa mahahalagang pagpapasyahan dito ay kung magkakaroon ng negosasyon sa mga bagong usapin. Sa Doha conference, iba-iba ang interpretasyon sa inilabas na Ministerial declaration na hanggang sa huling araw ay pinagtatalunan pa. Samantala, sa iba't ibang sektor ay mainit din ang mga negosasyong nagaganap na lalo pang pinag-alab ng Harbinson Text na inilabas na panukala ng chairman ng agricultural negotiations na si Stuart Harbinson.

Inaasahan ang mainit na debateng magaganap sa Cancun, Mexico sa gitna ng iba't ibang posisyon kaugnay sa WTO. Gayunman, malinaw ang matigas na posisyon ng mga mayayamang bansa na ipilit ang negosasyon sa mga bagong usapin lalo pa't mapagpasya ito para makaalpas ang mga ito sa matinding krisis sa sobrang produksyon na kanilang nararanasan sa kasalukuyan.

Katulad ng ginawa sa Doha, tiyak na gagamitin ng mga mayayamang bansa ang mga di-demokratikong proseso sa WTO upang maipilit ang kanilang adyenda at magkaroon ng negosasyon. Kung pagbabatayan ang karanasan sa mga negosasyon, tiyak na lilitaw ang mga kasunduang pabor sa mga mayayamang bansa.

Apat na mga bagong isyu ang ipinapasok ngayon ng mayayamang bansa sa saklaw ng WTO. Marami ang nagsasabing ang mga isyung ito ay hindi dapat isama sa mga kasunduan dahil sa WTO dahil wala naman itong tuwirang kaugnayan sa kalakalan. Bukod dito, tuluyan nang papahinain ng mga isyung ito ang kakayahan ng mga gubyerno ng mga kasaping bansa na magtakda ng sariling programa para sa kaunlaran.

Ang panukala na magkaroon ng investment agreement sa WTO ay magbibigay lamang ng ganansya sa mga may puhunan tulad ng mga korporasyong transnasyonal ng mayayamang bansa. Sa investment agreement, ibayong lalaki ang karapatan at kapangyarihan ng mga dayuhang mamumuhunan habang mawawalan ng karapatan ang mga gubyerno ng bansa na kontrolin ang pagpasok ng mga ito. Kapag ganito, mawawalan ng proteksyon ang mga lokal na industriya at ekonomya at mangingibabaw ang mga dayuhang mamumuhunan. Pilit na ipinapasok ito ng mga mayayamang bansa matapos na hindi makalusot ang naunang panukala nilang Multilateral Investment Agreement dahil sa malakas na protesta laban dito.

Ganito rin ang implikasyon ng panukala na ibilang sa WTO ang kasunduan sa pagtatakda ng patakaran sa kumpetisyon. Mahalaga para sa isang bansa na makapagtakda ng sariling patakaran sa kompetisyon batay sa antas ng pag-unlad at sa mga rekisito ng programang pang-ekonomya nito. Kung magkakaroon ng kasunduan sa WTO, ang mga bansang kasapi nito ay mapupwersang magpatupad ng mga patakaran sa kompetisyon na hindi angkop sa kanilang kalagayan at pangangailangan.

Nilalayon naman ng panukala para sa transparency ng government procurement na maihayag at mabuksan sa pagpasok ng mga dayuhan ang pagbili sa mga pangangailangan ng gubyerno. Importanteng aspeto ito sa pag-unlad ng isang bansa dahil ang mga serbisyo at produktong binibili ng gubyerno ay maaring magamit na instrumento sa pagtutulak sa ekonomya. Ang mga ito ay maaring bilhin ng gubyerno sa mga lokal na industriya at sektor ng ekonomya na makakapagpasigla sa kanilang negosyo. Maari din itong magamit ng gubyerno para sa mga pagbubuo ng mga paborableng kasunduan sa pakikipagkalakalan sa ilang bansa batay sa istratehiyang pang-ekonomya nito. Ngunit kapag nasaklaw ito sa WTO, mawawalan ng mabisang instrumento ang isang gubyerno para sa pagpaplano sa pambansang ekonomya nito.

Isa pang nais na sa WTO ay ang isyu ng trade facilitation. Magiging disbentahe sa mahihirap na bansa ang pagkakaron ng multilateral na patakaran kaugnay sa proseso at pasilitasyon ng pakikipagkalakalan. Ibig sabihin nito, iisang patakaran lamang kung paano isinasagawa ang kalakalan sa mga bansang kasapi ng WTO. Ang malaking kaibahan sa rekurso at kakayahan ng mga mayayamang bansa ay tiyak na magdudulot ng tagibang na patakaran.

Ang mga bagong isyung ito na noon pa man ay inilalako na sa Singapore, sa Seattle at sa Doha ay tiyak na mainit na pagtatalunan sa nalalapit na ministerial conference sa Cancun. Kapag pumasok ang talakayan sa negosasyon, ang mga panukala para ibasura at irebyu ang mga dati nang kasunduan sa WTO ay epektibo nang mabibigo.

11 Ano ang posisyon ng gubyerno ng Pilipinas sa mga isyung ito at sa WTO sa pangkalahatan?

Walang negosasyon at irebyu ang mga dating kasunduan? Repormahin ang WTO? Suportahan ang negosasyon para sa mga bagong usapin?

Hinaharap din ng gubyerno ng Pilipinas ang mga tanong na ito. Habang nalalapit ang WTO ministerial meeting sa Cancun, lumalakas ang presyur mula sa taumbayan na ihayag ng negotiating tean ng gubyerno ng Pilipinas ang kanilang posisyon sa isyung nakasalang sa ministerial conference. Hanggang sa kasalukuyan, nananatiling walang depinidong posisyon na inilalabas ang gubyerno kaugnay nito.

Kahit ang Special Committee on Globalization ng kongreso ay hindi rin nagiging daluyan upang maihayag ng gubyerno ang posisyon nito sa nalalapit na pulong ng WTO. Maging ang kalihim ng Department of Trade and Industry (DTI) na si Mar Roxas ay malabo ang mga posisyon at ang mga pahayag sa midya ay laging nababalot ng mga alanganing salita.

Subalit kung pagbabatayan ang naging posisyon ng negotiating team ng Pilipinas sa nakaraang kumperensya ng WTO sa Doha, mahihinuha na ang malamang na maging posisyon nito hinggil sa mga bagong usapin.

Kabilang ang Pilipinas sa mga bansang nagtaguyod sa posisyon ng US at EU sa nakaraang Doha ministerial conference. Habang nagpapanggap na kabilang sa mga mahihirap na bansang humihingi ng mga pagbabago sa WTO, nabuko din sa bandang huli ang tunay na amo ng mga kinatawan ng Pilipinas sa kumperensya.

Sa halip na ipaglaban kahit man lamang ang mga pagrerebyu sa mga isyu ng implementasyon ng mga kasunduan sa WTO, nakiisa ang delegasyon ng mga Pilipinas sa mga bansang nagtaguyod sa linya ng US at EU na ang Doha conference ay isang “development round”. Ang mapanlinlang na “development agenda” ang linya ng US at EU upang itago ang agresibo nitong kampanya para sa mga pagsisimula ng negosasyon sa mga bagong usapin.

Sa kabila ng hindi maitatangging masang epekto ng WTO sa industriya at agrikultura ng Pilipinas, ang pilit na ipinaninikluhod nina Mar Roxas at mga kasama sa Doha ay “negosasyon na may kaakibat na safety nets”. Ang tutuo’y nanawagan pa nga si Roxas para sa ganap na integrasyon ng agrikultura (“full integration of agriculture into the WTO framework”). Ito ay sa kabila ng malakas na paggigiit mga magsasakang Pilipino para ialis ang agrikultura sa WTO .

Nakakabahala ang pananahimik ng gubyerno kaugnay sa posisyon nito sa Cancun laluna’t tila nalulunod ang usapin ng WTO sa pagpapalitan ng mga akusasyon ng pangungurakot at katiwalian ng gubyerno ng mga junior officers ng militar na kumakailan lang ay naglunsad ng pag-aalsa laban sa gubyernong Arroyo. Habang nililibang ang mamamayan sa maaksyong palitan ng maanghang na salita sa

pagitan ng mga ito, niluluto naman ang ekonomya ng bansa na nakatakdang ihain sa pista ng mga bansa ng korporasyong transnasyonal sa Cancun, Mexico.

12 Ano ang kailangang gawin ng mamamayang Pilipino sa harap ng napipintong negosasyon sa Cancun, Mexico?

Hindi dapat manahimik ang mamamayang Pilipino at maghintay na lamang sa kaganapan sa Cancun, Mexico. Lalong hindi rin dapat hayaang ibenta ng mga negosyador ng Pilipinas ang kabuhayan ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang mamamayang Pilipino sa kontrol ng mga dayuhang monopolyo kapital.

Walang ibang maasahan ang mga mamamayan kundi ang kanilang sariling lakas. Sa harap ng lantarang pangangayupapa ng gubyernong Arroyo sa dikta ng imperyalismong US, hindi ito maasahang magsulong sa interes ng mga batayang sektor ng lipunan. Dahil ang gubyernong Arroyo ay dominado ng mga panginoong maylupa at mga burges kumprador, tiyak na uunahin nito ang makauring interes na katugma ng interes ng mga kasosyo nitong korporasyong transnasyonal at ng kanilang among imperyalismo.

Tulad nang ipinakitang posisyon ng gubyernong Arroyo sa mga nakaraang kumperensya sa WTO, hindi ito maasahang sumuway sa kagustuhan ng imperyalismo. Walang kahihiyan itong humihiwalay sa pakikibaka ng mga mahihirap na bansa at pailalim pa ngang nagpapagamit upang hatiin ang posisyon ng mga bansang lumalaban sa bagong negosasyon.

Kakutsaba ng US ang gubyernong Arroyo hindi lamang sa pandaigdigang gera nito para maghari sa buong daigdig. Pangunahin din itong instrumento ng US upang mailatag sa WTO ang interes ng imperyalismong US.

Buhay at kabuhayan ng mamamayan ang itinataya ng gubyerno sa mga pulong sa WTO. Marapat lamang na kumilos ang mamamayan upang itulak ang mga negosyador upang tumindig para sa interes ng mamamayan at ng bansa. Kailangan maglunsad ang mamamayan ng iba't ibang porma ng pagkilos upang isiwalat ang masamang epekto ng mga kasunduan sa WTO.

Napakahalaga ang paglulunsad ng malawakang propaganda at edukasyon sa hanay ng mamamayan upang maunawaang napakalaki ng kaugnayan ng WTO sa kahirapang dinaranas ngayon ng mga batayang sektor ng lipunan at sa tumitinding krisis pang-ekonomya ng bansa. Ang malawakang propaganda-edukasyon ay dapat

tumungo sa mga malalaking kilos-protesta upang yanigin ang gubyerno at pwersahin itong makinig sa hinaing ng taumbayan.

Napakahalagang tungkulin ngayon ng mamamayan hindi lamang na ilantad ang WTO bilang instrumento ng imperyalismo kundi huwag bigyang-matwid (deligitimize) ito. Dapat itong itakwil ng sinumang mamamayang naghahangad ng kasarinlan, kaunlaran at pandaigdigang kapayapaan at pagtutulungan.

Isanib natin ang ating pakikibaka sa pandaigdigang pakikibaka ng mamamayan laban sa WTO. Ang matibay na pagkakaisa ng mga mamamayan ng daigdig ay magluluwal ng malakas na opinyong publiko na makakapagtulak sa mga gubyerno na tumindig para sa interes ng kanilang mga mamamayan at pigilan ang ibayo pang paglawak ng saklaw ng WTO.

Nagiging kagyat na usapin ngayon ang pagkilos hindi lamang para pigilan ang mga negosasyon sa mga bagong isyu sa WTO kundi ang pagwawakas sa WTO bilang isang instrumento ng imperyalismo. Subalit higit pa rito, ang pakikibaka ng mga mamamayan ng buong daigdig ay ang pagwawakas sa mismong sistemang nagluluwal ng mga mapang-aping instrumentong tulad ng WTO.

Ang pagkakapitbisig ng mga mamamayan ng daigdig ay kailangang itutok sa pagwawakas sa imperyalistang globalisasyon na nagdudulot ng papatinding pagsasamantala at pang-aapi sa mga mahihirap na bansang tulad ng Pilipinas. Ang paglaya sa kontrol ng imperyalismo, ang pagwawaksi sa gubyernong kontrolado ng mga kasabwat nitong panginoong maylupa at kumprador burgesya, ang pagsusulong sa pambansa demokratikong interes ng mamamayang Pilipino — ito ang makabuluhang ambag ng Pilipinas sa pandaidigang pakikibaka laban sa imperyalismo at pagkakamit ng pandaigdigang kapayapaan, kasaganaan at pagtutulungan ng mga bansa batay sa kapawa-kapakinabanagan. Ito ang esensya ng globalisasyon ng pagkakaisa at pagtutulungan ng mamamayan at ng mga bansa ng buong daigdig.

Walang tigil ang opresyon ng imperyalismo subalit hindi nito mapipigilan ang kasaysayan. Hinding-hindi titigil ang pakikibaka ng mamamayan upang ito ay wakasan. ■